

# Matiyaga si Jesus

Isang gabi kinausap ng lalaking nagngangalang Nicodemo si Jesus. May ilang tanong si Nicodemo. Nagtiyaga si Jesus habang nagtatanong ito. Nang hindi maunawaan ni Nicodemo, muling nagpaliwanag si Jesus. ●

**Mababasa mo ang kuwentong ito sa Juan 3:1–21.**

## MAAARI AKONG MAGING MATIYAGA SA IBA

- Kanino ka maaaring mas magtiyaga?
- Manalangin at magplano na tulungan sila.
- Gawin ang plano mo!



**Gupitin ang kard na ito para maalala mong patuloy na tumulong na tulad ni Jesus.**



Nagsisikap akong maging mabuting kaibigan at maging mabait sa lahat, lalo na sa mga taong tila malungkot o iba ang pagtrato sa kanila dahil lamang sa medyo iba ang hitsura o kilos nila. Gusto kong malaman nila na may nagmamahal sa kanila at kaibigan nila ako na nagmamalasakit at gumagalang sa kanila.

**Destiny H., edad 12, Florida, USA**

**Paano mo sinisikap na tulungan ang iba, tulad ng ginawa ni Jesus? Sumulat at ikuwento sa amin.**

LARAWANG-GUHIT NI WALTER RANE